Mga Madalas na Katanungan

ANG PAGIGING KWALIPIKADO

T. Sino ang maaaring maging kwalipikado para sa programa?
S. Mangyaring tingnan ang "to qualify" na seksyon sa aming web site. Mangyaring tandaan: Ang lahat ng mga aplikante ay dapat 19 taong gulang o mas matandâ.

T. Kung mag-aaplay ako para sa ibang programa (halimbawa, Eco-AUTO rebate, Provincial PST concession), maaari pa rin ba akong mag-aplay para sa programang ito?
S. Oo. Ang mga sasakyan ay dapat i-scrap sa SCRAP-IT Program upang makatanggap ng insentibo sa amin. Mangyaring tandaan na hindi kami kasali sa anumang iba pang rebate na programa sa sasakyan.

T. Ang qualifying date ba ng mga sasakyan (1995) ay magbabago at magiging 1996 sa 2009?
S. Hindi.

T. Ang sasakyan ay naka-insure para sa storage, at hindi para sa pagmamaneho; kwalipikado pa rin ba ako?
S. Hindi, ang SCRAP-IT Program ay isang air quality program. Ang mga sasakyan lamang na tumatakbo (halimbawa, tumatakbo sa kalsada at nagdudulot ng polusyon) ang kwalipikado sa programa; ang mga hindi ginagamit o mga nasa storage na sasakyan ay hindi nagdudulot ng polusyon at samakatwid ay hindi kwalipikado.

T. Kung ang sasakyan ay naka-insure sa nakalipas na 12 buwan, pero hindi sa pangalan ko (halimbawa, ito ay regalo, naka-insure sa pangalan ng kamag-anak, o binili kamakailan lamang) kwalipikado pa rin ba ako?
S. Hindi. Ang sasakyan ay dapat naka-insure sa IYONG PANGALAN sa nakalipas na 12 buwan.

T. Wala akong mga kopya ng lahat ng mga dokumento sa insurance na aking kinakailangan. Saan ko makukuha ang mga ito?
S. Maaari kang tumawag sa ICBC Customer Contact sa (604) 661-2800 at humingi ng isang sulat (na hindi mo babayaran) na magkukumpirma na ikaw ay may 12 buwan na tuloy-tuloy na insurance coverage.

T. Ang sasakyan na nais kong i-scrap ay nasa aking pangalan lamang, pero ang sasakyan na nais kong bilhin ay ilalagay sa pangalan ko at ng aking asawa. Okay lang ba ito?
S. Oo.

T. Ang sasakyan na nais kong i-scrap ay isang "sasakyan ng pamilya" (halimbawa, ito ay nasa pangalan ng aking ina o ama, pero ako ang pangunahing tagapagmaneho kung insurance ang pinag-uusapan). Gusto kong bumili ng bagong sasakyan na nasa aking pangalan lamang (kapwa rehistrasyon at insurance). Maaari pa rin ba akong mag-aplay?
S. Hindi, pero maaaring mag-aplay ang may-ari (halimbawa, ang Ina o Ama).

MGA PORMULARYO AT PROSESO SA APLIKASYON

T. Saan ako maaaring kumuha ng pormularyo para sa aplikasyon?
*S. Hindi na kami tumatanggap ng mga papel na pormularyo para sa aplikasyon (kabilang ang ipinapadala sa fax). Dapat kang mag-aplay online. Mangyaring bisitahin ang www.scrapit.ca at magklik sa "**Pormularyo sa Aplikasyon"** na kahon sa kaliwang bahagi.*

T. Gaano katagal bago maaprubahan ang aking aplikasyon?
S. Karaniwang inaabot ng 10 araw ng trabaho upang iproseso ang mga aplikasyon.

T. Nagbigay ako ng deposit para sa isang bagong sasakyan at hiningi ng dealer ang approval letter (sulat na nag-aapruba) bago ko makuha ang aking sasakyan bukas ng gabi. Maaari ba ninyong bilisan ang aking aplikasyon?

S. Hindi, kami ay mayroong pamantayan sa serbisyo para sa pag-apruba na 10 araw ng trabaho. Kung ikaw ay may ispesipikong katanungan tulad ng nakabalangkas sa itaas, mangyaring mag-email sa amin sa info@scrapit.ca o tumawag sa aming opisina upang makausap ang isang customer service agent.

T. Ini-scrap ko ang aking sasakyan at pinili ko ang replacement vehicle incentive. Sinabi sa akin ng aking dealer na aabutin ng 3 buwan bago maideliber ang aking bagong sasakyan, at ito'y pagkatapos ng petsa ng ekspirasyon ng aking approval. Makakakuha ba ako ng extension?
S. Oo, maaaring mayroong mga extension. Mangyaring mag-email sa amin sa info@scrapit.ca at isama ang iyong pangalan, address at approval number.

PAG-SCRAP NG IYONG LUMANG SASAKYAN

T. Anu-ano ang mga kailangan kong gawin kung ibang tao ang magmamaneho ng aking sasakyan patungo sa scrap yard?
S. Kailangan mong pirmahan ang isang transfer tax form (makukuha sa kahit saan mang auto plan broker), ang pormularyong ito ay dapat dala ng taong nagmamaneho ng iyong lumang sasakyan, kasama ng orihinal na kopya ng papel sa insurance.

T. Maaari ba akong magtanggal ng mga bahagi ng sasakyan bago ko ito i-scrap?
S. Oo, basta hindi nito maapektuhan ang "kakayahang tumakbo" o ang kaligtasan (halimbawa, maaari mong tanggalin ang stereo, pero hindi ang mga komponente sa pagmamaneho).

T. Saan ako pupunta para i-scrap ang aking sasakyan?
S. Kapat isinumite mo ang iyong aplikasyon, at ito ay naaprubahan, makakatanggap ka ng pakete ng impormasyon mula sa amin. Kabilang dito ang isang mapa at mga direksyon na nagsasabi kung saan maaaring dalhin ang iyong sasakyan.

T. Ano ang mangyayari sa sasakyan oras na ito ay nai-scrap?
S. Ang lahat ng mga nai-scrap na sasakyan ay dudurugin at ire-recycle sa isang paraang mabuti sa kapaligiran (ang mga fluid, mga gulong, baterya at mercury switches ay tatanggalin).

MGA INSENTIBO AT MGA CLAIM

T. Ang 3 buwan bang panahon (pagkatapos ng pag-apruba) ay panahon para (a) ma-claim ko ang insentibo o, (b) panahon para isumite ko ang mga dokumento?
S. Ang sagot ay (a) ang 3 buwang panahon ay panahon para i-claim mo ang iyong insentibo. Ang 3 buwang panahon ay nagsisimula sa petsa kung kailan inisyu ang approval. Ang petsang ito ay nasa iyong approval letter sa kanang bahagi sa itaas. Kung kailangan mo ng extension, tingnan ang huling seksyon ng T&S sa Mga Pormularyo at Proseso sa Aplikasyon sa itaas.

T. Nakatira ako sa labas ng Lower Mainland, pero gusto kong kunin ang opsyon ng Lower Mainland sa bus/bike para sa aking insentibo. Maaari ko bang gawin ito?
*S. Oo, **PERO** dapat dalhin mo ang sasakyan sa scrap yard sa Surrey, BC, **AT** dapat mong itakda ito sa pamamagitan ng pagsulat sa unang pahina ng iyong aplikasyon na nais mong matanggap ang approval package ng Lower Mainland. Kung hindi ginawa ang hakbang na ito, hindi namin malalaman na ibibigay sa iyo ang approval package ng Lower Mainland.*

T. Mag-iiscrap ako ng 2 sasakyan. Maaari ko bang ilagay ang mga ito sa iisang insentibo?
S. Hindi. Isang sasakyan = isang insentibo.

T. Bakit masyadong mababâ ang $300 na insentibo kumpara sa mga iba na inyong iniaalok?
S. Ang aming pakikipagsosyo sa Retire Your Ride Program ay nagpapahintulot sa amin na mag-alok ng bago at cash lamang na insentibo na $300 bawat sasakyan.

T. Anim na buwang tuloy-tuloy na insurance ang kinakailangan lamang sa Retire Your Ride Program, bakit kailangan ninyo ng 12 buwan?
S. Patakaran namin sa BC na hilingin ang 12 buwang tuloy-tuloy na insurance.

MGA CLAIM SA KAPALIT NA SASAKYAN

T. Kailangan ko bang gamitin ang isang dealer na nakalagay sa inyong website bilang "participating dealer o kalahok na dealer," o maaari ba akong bumili ng sasakyan kahit saan?
S. Ang lahat ng mga kapalit na sasakyan ay DAPAT binili o nirenta mula sa isang kalahok na dealer upang makapagbenepisyo mula sa programa.

T. Ang kalahok na dealer ba ay tumatanggap ng insentibo mismo mula sa inyong programa, o ang insentibo ba ay nagpupunta mismo sa akin?
S. Ang kabuuang insentibo ay ibabayad sa dalawang bahagi: (1) ang $250 ay ibibigay sa iyo ng dealer (halimbawa, ito ay maaaring ibawas mula sa presyo ng pagbili); (2) ang natitirang balanse ay ibabayad sa iyo mismo ng SCRAP-IT. Ang prosesong ito ay aabutin ng 6-8 linggo mula sa petsa ng pagtanggap namin ng kumpletong claim.

T. Plano kong mag-renta (hind bumili). Maaari pa rin ba akong maging kwalipikado para sa insentibo?
S. Oo.

T. Ano ang gagawin ko kung hindi ipapakita ng CO2 calculator ang make, modelo o taon (halimbawa, 2009) ng aking sasakyan?
S. Kung hindi ipinapakita ng CO2 calculator ang taon, make o modelo ng alinman o ng kapwa mga sasakyan (ang sasakyan na iyong inii-scrap at/o ang kapalit na sasakyan), mangyaring:

1. Itsek ang mga ispesipikasyon ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pag-search sa mga sumusunod na website (kakailanganin mo ang VIN# ng iyong sasakyan) ang https://agedstock.com/main/vin.php. Ibibigay nito sa iyo ang tamang ispesipikasyon ng iyong sasakyan; o kaya,

2. Itsek ang ispesipikasyon ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pag-search sa internet upang makuha ang impormasyong ito. Mamili sa alinmang search engine tulad ng "google.com" o "yahoo.com" at i-type ang (halimbawa): "2009 Toyota Venza Specifications". Karamihan ng mga website ay may link sa ganoong mga partikular na ispesipikasyon ng sasakyan.

3. Oras na nakuha mo ang mga eksaktong ispesipikasyon, i-check muli ang CO2 calculator.

Kung ang sasakyan ay hindi lumabas sa calculator, magpadala sa amin ng e-mail kasama ng mga detalye ukol sa sasakyan sa claims@scrapit.ca.

T. Mayroon bang listahan ng mga sasakyan na kwalipikado?
S. *Wala. Ang lahat ng 2004 at mga mas bagong sasakyan ay kwalipikado.*

TRANSIT PASSES

T. Kailan karaniwang ipinapadala sa mail ang transit passes?
S. Ang lahat ng transit passes ay ipinapadala sa mail sa ika-20 ng bawat buwan (halimbawa, ang transit pass para sa Pebrero ay ipinapadala sa mail sa ika-20 ng Enero) Kung hindi mo natanggap ang iyong Transit pass sa ika-28 ng buwan, mangyaring mag-email sa amin sa transit@scrapit.ca.

T. Ano ang ibig sabihin ng "concession" (hinggil sa bus passes)?
S. Ito ay isang salitang ginagamit ng TransLink. Ang mga batang 5 hanggang 13 taong gulang, mga estudyante sa high school na 14 hanggang 19 taong gulang na may balidong GoCard, mga matatanda na 65+ na may katunayan ng edad, at mga HandyCard holder ay kwalipikadong magbiyahe sa Consession fares. May karagdagang impormasyon na mahahanap sa: http://www.translink.bc.ca/Transportation_Services/Fares_Passes/fare_pricing.asp.ca

T. Maaari bang ipahiram sa iba ang bus pass?
S. Hindi. Hindi mo maaaring ipahiram ito sa iba, at hindi mo maaaring ibenta ito.